

**Trabaho: Hubo't Hubad na Larawan  
Ni Clarence M. Batan**

Dedikasyon

*Para sa mga walang trabaho -*

*(upang malaman niyo na wala talagang makukuhang trabaho).*

*Para sa mga istambay, nakapag-aral man o hindi -*

*(upang ngumiti kayo dahil at least enjoy kayo sa buhay).*

*Para sa mga nakapag-aral na walang trabaho -*

*(upang umiyak kayo sa masakit na katotohanan) .*

*Para sa mga may degree na hindi masaya sa trabaho -*

*(upang makuntento kayo kahit biktima kayo ng sistema).*

*Para sa mga may trabahong hindi ayon sa kanilang pinag-aralan -*

*(upang maibsan ang inyong pagrereklamo, s'werte pa rin kayo).*

*Para sa mga magulang na nangangarap*

*upang ang kanilang anak ay makatapos ng edukasyon -*

*(upang mabigyang-kahulugan ang inyong bulag na pagsusumikap).*

*Para sa mga teachers na nagsasabing may kinabukasan ang mga nag-aral -*

*(upang minsan, maging makatotohanan at praktikal ang inyong itinuturo).*

*Para sa gobyernong walang ginagawa*

*upang magkaroon ng trabaho ang mga kabataan -*

*(kailangan na natin ng konsepto ng Diyos kapag pinag-usapan 'yan).*

Nag-aral ako sa pamantasan  
Sa Maynila. Mataas na  
Paaralang pandayan ng  
Isipan. Ginugol ko ang  
Kabataang pinahinog ng  
Karunungan dinildil, idinikdik  
Ng mga teachers – binago ako,  
Hinubog hanggang sa  
Makalimutan ko ang aking pangalan-  
At pinagmulan dahil ako'y  
Nakapag-aral sa pamantasan.

May pangakong trabaho pagkatapos  
Magsunog ng kilay. Kaya't  
Magulang ko ay nagkumayod  
Hanggang maging kuba. Nangutang,  
Nagsumikap upang matustusan lang  
Araw-araw na baon ng mahal  
Nilang anak.

'Di ko napansin ang hirap ng Nanay,  
Ang kalyo ni Tatay. Nag-abala ako  
Sa pakikisalamuha sa iba't ibang  
Uri ng tao sa Kamaynilaan, nangalit ang  
Aking diwa – nagbaga, nag-apoy  
Na ang kaalamang hindi tungkol  
Sa aking magulang, ngunit tungkol sa  
Mundo - *aking natutunan* - ang espasyong  
Malayo sa karanasang aking nilakhan.

Tinuruan akong mangarap  
Ng mga teachers. Mag-imagine.  
Tinulak nila ako sa ideyal na  
Pagnanasang umusad, lumakad  
Nang matulin patungo sa materyal  
Na tagumpay. Umangkin ng yaman,  
Yumakap ng pera – mula sa  
Pagsusumikap. Humanap ng  
Trabaho. Trabahong magbibigay  
Sa akin ng dignidad, magsasalba  
Sa tumatanda kong mga magulang  
(Na ang mukha'y may guhit-latay ng pagod)  
Upang sa hirap makaalpas.

Ipinangako sa akin ng pamantasan na  
May trabaho – naniwala ang  
Mga magulang ko – sa pangako ng  
Edukasyon.

Ngayong edukado na ako. May diploma.  
May degree. Ang mga teacher ko, teacher  
Pa rin. Ang mga magulang ko –  
Ninakawan na ng lakas – hinigop  
Nang mapaghiganting timbangan ng buhay.  
'Asan ang trabaho? 'Asan ang pangarap?  
Wika ng teacher ko, "Ginagawa pa rin  
Sa espasyo ng imahinasyon".  
"Kamamatayan ko na ang ganitong  
Kondisyon ng buhay," buntong-hininga ni Nanay.  
"Hay, naku!," sabay pahid ng luhang  
Tumutulo sa aking mata.  
"Tang-inang buhay ito."

Likha (December 13, 2003)  
Room 2119, FASS Bldg, Dalhousie University  
Nova Scotia, Canada

**Dalubhasang Kaalaman  
Ni Clarence M. Batan**

Natutunan kong  
pahalagahan ang pag-aaral.  
Kaya naman nagsumikap akong  
Edukasyon ay matapos upang  
maabot ang tore ng pamantasan.

Hinubog ng mga bagong wika  
ang limitado kong bokabularyo.  
Hanggang sa malimuta't,  
mapalitan - ang tinubuang  
bulong ng banyagang ewan.

Ayaw ko mang iwanan  
dati kong gawi at kinaugaliang kilos -  
Ang mapaiil na istrukturang edukasyon  
ay lumapit, higit na yumakap,  
humaplos, humalik na anyong tupa.

Kinontrol ang aking kaalaman  
sa kulungang-bakal ng *paaralan*.  
Balot ng karisma at  
pinatatag ng estado.  
Rehas na ang binilanggo'y  
Estudyanteng tulad ko.

Malikhaing karahasan na  
sinasagisag ng kaalaman.  
Kaya't kahit ako'y presong hindi  
Hinatulan, ako nagpakadalubhasa  
Upang tulad ng iilan-  
Edukado akong  
Nagkakamal ng kapital.

Hulyo 21, 2003  
Sa Winwick  
9:28 ng gabi

**Istatus**

Pinagmamasdan ko ang mga taong dumaraan  
sa aking harapan. Suot ay iba't iba,  
Borlology sa katawa'y samu't saring  
nagpipinta ng imahen kung sino sila –  
Sa labas ng kanilang pagkatao.

Kahit pala paglakad ay may bilang,  
ang pagtawa'y tinitimpla, at ang pagtingi'y may koda -  
Nagpapakilala kung sa'n sila nagmula  
at kung pa'nong ang kanilang kilos ay nagkagan'un.

May antas ang gawi at may sinusundang  
direksyon ang galaw. Kung mangyaring guluhin,  
at digmain ang kaayusang dinikta  
ng panlipunang istruktura - malilintikan ang istatus!

'Pagkat maninibago't mag-aalsa -  
Huhugot ng rasong taliwas sa  
kinagisnang hinulaan ng bulag na kamalayan.

Likha (Agosto 13, 2003)  
Maritime Centre